



# Pahayagan

**Sa lathalagang ito:** • Protektahan ang sarili laban sa pagdaraya • Paniningil para sa ikatlong partido • Maghanda para sa mga emerhensya • AT&T Disaster Related Assistance • Pagkukumpuni ng kawad sa loob ng bahay ito • Impormasyon tungkol sa pagbebenta sa pamamagitan ng telepono na madudulugan ng consumer



## Mga mensahe mula sa California Public Utilities Commission (CPUC) na inaatas ng batas

**Protektahan ang sarili laban sa pagdaraya** Naghahanap ba kayo ng mga panuto upang maprotektahan ang sarili laban sa pagdaraya? Tumungo sa website ng California Public Utilities Commission sa [www.CalPhoneInfo.com](http://www.CalPhoneInfo.com).

### Paniningil para sa ikatlong partido

Hindi na kami maniningil para sa ikatlong partido. Hanggang Marso 31, 2020, maaari kayong makakita ng mga singil mula sa mga third-party service provider na pinahintulutan ninyo sa isang hiwalay na section ng inyong bill, subalit pagkatapos ng Marso 31, hindi na makakakita ng mga third-party charge sa inyong bill. Huwag mag-alala. Walang epekto ang pag-alis ng mga third-party charge sa mga singil para sa inyong long distance service o mga serbisyon ng ibinigay ng mga kaanib ng AT&T.

### Maging handa para sa mga emerhensya: Makitulong sa pagsiguro na gumagana ang mga telepono

Sa isang kalamidad, kailangan namin ang inyong tulong sa pagsiguro na patuloy makikipag-ugnayan kayo at ang inyong mga mahal sa buhay, mga empleyado at customer, at maasahan ng mga emergency worker ang sistema ng mga telepono sa pagtutugma ng mga pagsisikap sa pagbigay ng lunas. Kapag may lindol, sunog, o kalamidad, natural na gusto ng mga taong tumawag sa isa't isa upang matiyak na ligtas ang lahat. Subalit kapag sabay-sabay na tumatawag ang lahat ng tao, ang sobrang mga tawag ay nagreresulta sa labis na karga sa network. Ganito ninyo maipapadala ang inyong mga mensahe sa mga miyembro ng inyong pamilya, mga kaibigan, empleyado, at customer kapag may emerhensya, habang nasisiguro na magagamit ng lahat ng tao ang phone system.

### Bago mangyari ang kalamidad

Tumungo sa [www.ready.gov](http://www.ready.gov) upang matuto ng karagdagang mga paraan upang makapaghandanda para sa iba-ibang kalamidad.

- Magbuo ng plano sa pakikipag-ugnayan para sa pamilya.
- Panatiliin tuyo at fully charged ang inyong wireless phone.
- Siguruhin na mayroong mga emergency contact number at email address ang inyong wireless phone.
- I-forward ang inyong home o business number sa inyong wireless number (kailangan ng subscription sa Call Forwarding\*) kung umalis kayo sa inyong bahay o trabaho.

\*Maaaring magkaroon ng karagdagang mga singil kung nag-forward ng tawag sa isang telephone number na hindi lokal.

### Habang Nagyayari ang Kalamidad

- Tumawag sa 911 tanging kung kailangan ng tulong dahil nasa agarang panganib ang inyong buhay o bahay. Maaaring makakuha ng balita at mga update sa inyong radyo o internet. Mangyaring HUWAG tumawag sa inyong local ("0") o Long Distance ("00") Operator sa isang emerhensya, dahil maaari nitong patagalin nang hindi kinakailangan ang pagdating ng tulong sa isang emerhensya.

Kapag tumatawag sa 911, siguruhin na:

- Manatili sa linya at hintayin ang sagot ng emergency personnel; huwag mag-hang up at mag-dial muli.
- Madaling sabihin kung ano ang inyong emerhensya.
- Sagutin ang lahat ng mga tanong.
- Maging matiyaga. Sa isang emerhensya gaya ng isang lindol, maaaring magkaroon ng mga pagkaantala dahil nagkaroon ng labis na karga ang network. Nangangahulugang matatagalan ang inyong tawag. Upang malaman kung maaaring gumawa ng tawag, makinig kung mayroong:
  - Normal na dial tone: Gawin ang inyong tawag.
  - Katahimikan: Maghintay ng isang dial tone; manatili sa linya – maaantala lamang kung magha-hang up.
  - Mabilis na busy signal (doble ang bilis kaysa karaniwan): Subukan muli mamaya.
  - Nakarinig ng recording na nagsasabing busy ang lahat ng mga circuit: Subukan muli mamaya.

- Subaybayan sa inyong wireless device ang lokal na balita at impormasyon tungkol sa araw.
- Pakontiin ang mga tawag na walang kaugnayan sa isang emerhensya.
- Subukan magtext sa halip ng tumawag.
- Siguruhin na mayroon radyong de-baterya at bagong mga baterya.

## AT&T Disaster Related Assistance

Kung sakaling magdeklara ng isang state of emergency ang Gobernador ng California o Presidente ng Estados Unidos, maaaring maging karapat-dapat para sa customer assistance ang mga residential at small business customer ng AT&T sa California na mayroong wireline, VoIP, o wireless service. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol dito at iba pang mga hakbang na ginagawa ng AT&T kapag may kalamidad, mangyaring tumungo sa [att.com/disasterrelief](http://att.com/disasterrelief).

## Pagkukumpuni ng kawad sa loob ng bahay ito

Inangat ninyo ang inyong home phone o business phone upang gumawa ng tawag subalit hindi kayo nakarinig ng dial tone. Kaya, tumawag kayo sa amin at nalaman ninyo na mayroong problema – maaaring may kaugnayan sa mga kawad sa inyong bahay o opisina.

Ang kawad sa loob ng bahay ay bahagi ng kawad ng telepono na kumokonekta sa phone jack sa loob ng inyong bahay o opisina sa aming network sa labas ng inyong bahay o opisina. Kung umuupa kayo, responsibilidad ng inyong landlord ang pag-instala ng isang (1) gumaganang phone jack at pag-iingat ng kawad sa loob ng tirahan o opisina.

Paano kung may problema ang kawad sa loob ng inyong bahay o opisina? Maaari ninyong...

- Sariling ikumpuni ang kawad (o kausapin ang inyong landlord kung nag-uupa kayo).
- Kumasundo ng bendedor na kukumpuni ng kawad para sa inyo.
- Tumawag sa aming repair line (611) at hilingin na kumpunihin namin ang kawad ng inyong telepono at mga telephone jack. (Idadagdag namin sa inyong bill ang nagastos para sa labor at materyales.)
- Mag-subscribe sa \*WirePro<sup>SM</sup> Service, isang protection plan na sumasakop sa mga kawad at linya ng telepono sa loob ng inyong tahanan. Ang \*WirePro<sup>SM</sup> ay para lamang sa standard na kawad at jacks na gumagana noong nakonekta ang inyong serbisyo, na sumasapat at nainstala ayon sa mga pamantayan na binalangkas ng National Electrical Code and Electronic Industry Association.

Mas gusto ba ninyong ipakumpuni sa isang technician? Maaari naming mag-schedule ng isang service appointment na mag-uumpisa sa loob ng apat na oras. Siguruhin na nasa bahay kayo para sa buong tagal ng panahong iyon. Upang matuto ng higit, tumawag sa 800.288.2020 para sa serbisyo sa tahanan at 800.750.2355 para sa serbisyo sa negosyo.

*\*Maaaring mag-iba ang mga presyo at availability. Mangyaring tawagan kami sa 800.288.2020 (serbisyo sa tahanan) o 800.750.2355 (serbisyo sa negosyo).*

---

## Mahalaga sa amin ang inyong pagkapribado

### Impormasyon tungkol sa telemarketing (pagbebenta sa pamamagitan ng telepono) na madudulugan ng consumer

Mayroon kayong mga karapatan sa pagkapribado kapag tinatawagan kayo ng mga bendedor. Maaari ninyong alamin ang lahat tungkol sa mga karapatang ito sa isang kopya ng “Stop Unwanted Robocalls and Texts.” Upang makuha ang inyong kopya, kontakin ang Federal Communications Commission, Consumer and Governmental Affairs Bureau, 445 12th Street, S.W., Washington, D.C., 20554. Tumawag sa 888.225.5322, TTY 888.835.5322 o pumunta sa [www.fcc.gov/consumers/guides/stop-unwanted-robocalls-and-texts](http://www.fcc.gov/consumers/guides/stop-unwanted-robocalls-and-texts).

Kung mayroon kayong email address na ginagamit ninyo, maaari din ninyong gumawa ng mga hakbang upang mahadlangan ang pagdaraya sa telemarketing at magparehistro (o pawalang bisa ang inyong pagpapatala) sa National Do Not Call Registry online sa <https://donotcall.gov>. O tumawag sa 888.382.1222 (TTY 866.290.4236) mula sa telephone number na gusto ninyong iparehistro sa do-not-call list.

---

Ang inyong wika. Hinatid. Gayon din higit sa 160 iba.  
Tumawag sa 800.203.8600.



©2020 AT&T Intellectual Property. Reserbado ang lahat ng mga karapatan. Ang mga logo ng AT&T at Globe ay mga rehistradong tatak-kalakal ng AT&T Intellectual Property. Ang lahat ng mga tatak-kalakal at markang panserbisyo ay pag-aari ng kanilang kinaukulang mga may-ari.

Inilimbag sa resikladong papel.